

## Requesting a Family Court Protective Order Paghiling ng Order ng Pagprotekta mula sa Korte para sa Pamilya

---

You may request a Family Court temporary restraining order (TRO) if the person engaging in domestic abuse is a family or household member.

Ikaw ay maaaring humiling ng pansamantalang order ng pagpigil (TRO) sa Korte para sa Pamilya kung ang taong sangkot sa pang-aabuso sa tahanan ay isang kapamilya o miyembro ng sambahayan.

**Domestic abuse** is defined, as follows:

Ang ibig sabihin ng **Pang-aabuso sa Tahanan** ay gaya ng sumusunod:

- Physical harm, bodily injury, assault, or the threat of imminent physical harm, bodily injury, or assault, extreme psychological abuse or malicious property damage; or  
Pisikal na kapahamakan, kapinsalaan sa katawan, pag-atake, o banta ng napipintong pisikal na kapahamakan, kapinsalaan sa katawan, o pag-atake, labis na pang-aabusong sikolohikal o sinadyang paninira sa ari-arian; o
- Any act that would constitute abuse or a family or household member, a sex offense, or a child abuse offense committed by an adult family or household member against a minor family or household member pursuant to Hawai'i Revised Statutes section 709-906, or under part V or VI of chapter 707.

Anumang gawaing maituturing na pang-aabuso ng pamilya o miyembro ng sambahayan, sekswal na pamiminsala, o sala ng pang aabuso sa kabataang ginawa ng isang nakatatandang miyembro ng pamilya o sambahayan laban sa menor de edad na miyembro ng pamilya o sambahayan alinsunod sa mga Nirebisang Batas ng Hawai'i seksyon 709-906, o sa ilalim ng bahagi V o VI ng kabanata 707.

**Family or household members** means, as follows:

Ang **mga miyembro ng pamilya o sambahayan** ay nangangahulugan, gaya ng sumusunod:

- Current or former spouse or reciprocal beneficiary;  
Kasalukuyan o dating asawa o reciprocal beneficiary
- Persons who have a child in common;  
Mga taong may parehong anak sa isang tao;
- Parents;  
Mga magulang;
- Children;  
Mga anak;
- Blood-related family members;  
Mga kadugong miyembro ng pamilya;
- Persons currently or formerly in a dating relationship; or  
Mga taong kasalukuyan o dating magkarelasyon; o

- Persons currently or formerly residing together (but “residing together” does not include those persons who are, or were, adult roommates or cohabitants only because of an economic or contractual affiliation).

Mga taong kasalukuyan o dating naninirahan sa iisang bubong (ngunit hindi kabilang sa “naninirahan sa iisang bubong” ang mga taong kasalukuyan, o dating may gulang na roommate o naninirahan nang magkasama lamang dahil sa pang-ekonomiya o kontraktwal na ugnayan).

(See **District Court Protective Orders** for other cases.)

(Tingnan ang **Mga Order ng Pagprotekta ng Korte ng Distrito** para sa ibang mga kaso.)

Call the Family Court TRO Unit and be prepared to briefly provide details about the domestic abuse. Tawagan ang TRO unit ng Korte para sa Pamilya at maging handa sa pagbibigay ng maikling detalye tungkol sa pang-aabuso sa tahanan.

- **O`ahu** – (808) 538-5959
- **Maui** – (808) 244-2706
- **Hawai`i** – (808) 969-7798
- **Kaua`i** – (808) 482-2330

Call hours: 7:45 a.m. through 4:30 p.m., Monday through Friday, except State holidays.

Mga oras ng pagtawag: 7:45 ng umaga hanggang 4:30 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga holiday ng Estado.

After the TRO Court Officer receives information about your domestic abuse allegations, and information regarding the person against whom you are filing, you will be scheduled for an appointment. During this appointment, your petition will be submitted to a judge for review, and the judge will decide whether to grant you a TRO.

Pagkatapos matanggap ng Opisyal ng TRO sa Korte ang impormasyon tungkol sa iyong mga pahayag ukol sa pang-aabuso sa tahanan, at ang impormasyon tungkol sa taong tinutukoy sa iyong pagpahain, ikaw ay mai-iskedyul para sa isang appointment. Sa panahon ng appointment na ito, ang iyong petisyon ay isusumite sa hukom upang masuri, at ang hukom ay magdedesisyon kung ipagkakaloob ang TRO.

The **application process** may take up to 2 hours for you to complete your petition. Please arrange for child care, if necessary.

Ang **proseso ng aplikasyon** ay maaaring abutin ng 2 oras para sa iyo upang makumpleto ang iyong petisyon. Mangyaring ayusin ang pag-aalaga sa anak, kung kailangan.

If the TRO is granted by the judge, keep a copy of your TRO with you at all times and report any violations to the police department immediately by calling 911.

Kung ipagkakaloob ng hukom ang TRO, dalhin ang kopya ng iyong TRO sa lahat ng pagkakataon at agad na iulat ang anumang mga paglabag sa departamento ng pulisya sa pamamagitan ng pagtawag sa 911.

## **Parking**

### **Paradahan ng Sasakyan**

For people wishing to file in Honolulu, the location for filing is at the Circuit Court building on Punchbowl Street and Pohukaina Street. There is usually available parking at the Circuit Court parking garage (Pohukaina St. entrance). The court does not validate parking.

Para sa mga taong nagnanais na maghain sa Honolulu, ang lokasyon para sa paghain ay nasa gusali ng Circuit Court sa Punchbowl Street at Pohukaina Street. Kadalasang may mapaparadahan ng sasakyan sa garahe ng paradahan ng sasakyan ng Circuit Court (pasukan ng Pohukaina St.). Hindi kinukumpirma ng korte ang paradahan.

If submitting your documents at the Family Court in Kapolei, there is metered parking available. The meters only take quarters and have a two hour limit so you will need to feed the meter again if you stay longer. For neighbor island applicants, please check with your respective court.

Kung magsusumite ng iyong mga dokumento sa Korte para sa Pamilya sa Kapolei, may de-metrong paradahan ng sasakyan. Tumatanggap lamang ng quarters (25 sentimo) ang mga metro at mayroong dalawang oras na limitasyon kaya't kailangan mong hulugang muli ang metro kung ikaw ay magtatagal. Para sa mga aplikante sa karatig na isla, mangyaring magtanong sa iyong kinauukulang korte.